Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Si Samuel, ang batang lingkod ng Diyos



Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Janie Forest

Ibinagay ni: Lyn Doerksen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2012 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Si Hanna ay isang mabuting babae, na ang asawa ay si Elkana, isang mabuting lalaki. Sila ay sumamba sa Panginoon Diyos at nagpakita ng kabaitan sa ibang tao.



Ngunit may isang bagay na wala sa buhay ni Hanna. Ibig niyang magkaroon ng isang anak.



Siya'y naghintay at nanalangin, at umasa at naghintay pa muli. Ngunit walang sanggol na binigay kay Hanna.



Bawat taon, si Hanna ay pumaroon sa tabernakulo ng Panginoon upang magsamba.

Isang araw siya'y nangako sa Panginoon na kung siya'y bigyan ng batang lalaki, muli niyang iaalay ang bata na maging lingkod ng Diyos buong buhay nito.

Ang matandang pari na si Eli ay nakita si Hanna na nagdadasal.

Ang akala niya
si Hanna
ay lasing
sapagkat ang
kanyang
mga labi
ay ...

... kumikilos ngunit walang ingay na lumalabas. Pinagalitan si Hanna ni Eli!

Ngunit sinabi ni Hanna kay Eli ang kanyang dalangin na magkaroon ng anak at ang kayang pangako sa Diyos.

"Yumaon ka at maging mapayapa," sumagot si Eli. "At ang Diyos ng Israel ang tutugon sa iyong kahilingan." Ang mga salita ni Eli ay nakapagbigay ng pag-asa.

Hindi nagtagal, malaking kasiyahan ang pumuno sa puso ni Hanna. "Siya ay naalala ng Diyos" at ang kanyang panalagin ay sinagot.



Si Hanna at Elkana ay nagkaroon ng anak na lalaki, na pinangalanang "Samuel" (ang ibig sabihin ay "nadinig ng Diyos "). Ngunit maalala kaya ni Hanna ang kanyang pangako sa Diyos?



Tumigil na si Hanna sa pagpunta sa tabernakulo. Naku, nakalimutan kaya niya ang kanyang pangako sa Diyos?

Hindi!
Samakatuwid,
hinintay ni
Hanna na
lumaki si
Samuel
upang ang
bata ay ...

... maiwan
sa templo
at tumulong
kay Eli sa
paglingkod
sa Diyos.

Binigyan ng karangalan si Hanna ng Diyos dahil sa kanyang katapatan.

Sumunod kay Samuel ang 3 pang anak na lalaki at 2 anak na babae.

Taon taon,
pumunta
si Hanna sa
tabernakulo
upang
sumamba
sa Diyos
– at ...

... magdala ng bagong tahing balabal para kay Samuel.

Hindi lamang si Samuel ang katulong ni Eli. Ang mga anak ni Eli na sina Hopni at Pinehas ay katulong din niya.

Ngunit sila ay hindi
nagbigay karangalan sa
Diyos dahil sa kanilang
masasamang
gawain, kahit
pa sinaway
sila ni Eli.

Dapat ay pinaalis na ni Eli ang 2 anak sa tabernakulo, ngunit ito ay hindi niya ginawa.

Isang gabi,
nadinig ni
Samuel ang
isang boses
na tumatawag
sa kanya.
Ang akala
niya si Eli ang
tumatawag
sa kanya.

"Narito po ako," ang sabi niya. "Hindi kita tinatawag," ang sagot ni Eli.

Ito ay nangyari ng tatlong beses. Noon nalaman ni Eli na ang Diyos ang gustong kumausap kay Samuel.

Sinabi ni Eli kay Samuel, "Kung tawagin ka muli, sabihin mo, 'Magsalita po kayo, nakikinig ang inyong lingkod.'"

Tumawag muli ang Panginoon, at binigyan si Samuel ng mahalagang mensahe.

Nang kinaumagahan tinawag ni Eli si Samuel. "Ano ang bagay na sinabi ng Diyos sa iyo?" tanong niya. Sinabi ni Samuel ang lahat.

At ito ay masamang balita-
paparusahan ng Diyos ang
sambahayan ni Eli dahil
sa masasamang gawa
nina Hopni at Pinehas.

Ang sinabi ng Diyos ay natupad. Sa digmaan laban sa Pilistinas, ang 2 anak ni Eli ang siyang nanguna dala ang Kaban ng Tipan ng Diyos.



Nabihag ang Kaban at napatay sina Hopni at Pinehas kasama ang maraming mga Israelita. Nang marining ni Eli ang balita, siya'y nahulog sa kanyang upuan, nabali ang leeg, at namatay.



Ang Kaban ng Tipan ng Diyos ay nagdala ng sumpa sa mga Pilistinas. Nilagay nila ang Kaban sa templo ni Dagon, ang kanilang diyos-diyosan.



Kinaumagahan, ang idolong si Dagon ay nahulog at ang mukha nito ang tumama sa lupa.



Tinayo muli ang idolo ngunit sa sumunod na umaga, nahulog muli ito. Ang idolo ay nasira ng pira-piraso.





Maraming nagkasakit at namatay na Pilistinas.



Upang malaman nila na sila ay pinarusahan ng Diyos, kumuha sila ng 2 baka upang hilahin ang kariton na nagdadala ng Kaban.



"Kung ang mga baka ay pumunta ng Israel at iwan ang kanilang mga guya, malalaman natin na Diyos ang may gawa nitong lahat." At ang mga baka naman ay pumaroon sa Isarel.



Ngayon, si Samuel ay may gulang na. Siya ay nagsalita sa Israel.



"Kung kayo ay babalik sa Diyos ng buong puso, kayo ay ililigtas niya sa mga Pilistinas."



Ang mga tao ay sumunod kay Samuel, na siyang naging tapat na propeta ng Diyos.



At ang kamay ng Diyos at sumalungat sa mga Pilistinas noong panahon ni Samuel.

Si Samuel, ang batang lingkod ng Diyos

isang kwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

1 Samuel 1-7

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16